

Mga Palaging Itinatanong



tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19 para sa mga taong apektado ng kanser



Sa tulong ng mga doktor ng kanser at mga taong apektado ng kanser, ang Cancer Australia ay nagtipon ng mga kasagutan sa *Mga Palaging Itinatanong* (FAQs) na mga bakuna laban sa COVID-19 para sa mga taong apektado ng kanser.

Ang impormasyon ay maaaring makakatulong sa ilang mga mahahalagang katanungan mo tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19. Ang mga kasagutan sa mga FAQs ay batay sa impormasyon at ebidensya na kasalukuyang nasa Australya at sa mundo, at magbabago kapag may lumalabas na bagong impormasyon.

Pangkalahatang impormasyon tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19

Ano ang bakunang laban sa COVID-19? Paano ito gagana?

Ang mga bakuna ay isang pamamaraan sa paggawa ng naturalesang panangga hindi magkakasakit ang katawan.

Ang mga bakuna ay gumagamit ng hindi buhay (o di-aktibong) mga mikrobyo o mga bahagi ng mikrobyo upang iisipin ng ating mga katawan na mayroon na tayong isang natatanging sakit.

Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay nagpapalakas sa sistema ng isang tao bilang panangga sa sakit sa pamamagitan ng pagsasanay nito na makilala ang 'spike' na protina ng coronavirus. Ang 'spike' na protina ay hindi ang mikrobyo mismo – ito ay ang may mga tusok-tusok sa selyula ng coronavirus na siyang tumutulong sa mikrobyo na makapasok sa katawan ng mga tao. Ang mga bakuna laban sa COVID-19 na makukuha sa Australya ay nagsasanay sa ating sistema ng naturalesang panangga sa sakit na makilala itong 'spike' na protina at gumawa ng mga magtatagal na pananggang selyula at 'antibodies' na lalaban dito.

Walang ginamit na buhay o buong mikrobyo na nagsasanhi ng COVID-19 sa mga bakuna laban sa COVID-19 na aprobado para magamit sa Australya.

Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay hindi makakapagbigay sa iyo ng COVID-19.

Paano sinusuri ang kaligtasan ng mga bakuna laban sa COVID-19 bago sila maaprobahan para gamitin sa Australya?

Ang Australya ay may mga istriktong pinasusunod na kinakailangan sa pagsusuri at pag-apruba ng mga bakuna. Bago maaprubahan ang isang bakuna laban sa COVID-19 na gamitin sa Australya, kailangan itong:

- makapasa sa maraming yugto ng pagsusuri sa klinika upang mapatunayan na ang bakuna ay ligtas at mabisa; at
- makapasa sa masusing proseso ng pagtatasa at pag-apruba ng Therapeutic Goods Administration's (Namamahala sa mga Nakakagamot na Bagay - TGA) kasama na ang pagpapatunay sa kaligtasan, kalidad at pagiging epektibo ng bakuna.

Ano ang mga bakuna laban sa COVID-19 na mayroon sa Australya?

Ang mga bakuna na mayroon sa Australya ay:

1. Ang bakunang **Pfizer** (kilala din bilang Comirnaty)
2. Ang bakunang **AstraZeneca** (kilala din bilang Vaxzevria)
3. Ang bakunang **Moderna** (kilala din bilang Spikevax)
4. Ang bakunang **Novavax** (kilala rin bilang Nuvaxovid).

Mga Palaging Itinatanong

tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19 para sa mga taong apektado ng kanser



Paano makapagpabakuna ang mga tao sa Australya laban sa COVID-19?

Sa kasalukuyan, lahat ng mga tao sa Australya na may edad na 5 taon o mas matanda ay karapat-dapat nang makatanggap ng isang bakuna laban sa COVID-19 ngayon. Bukod pa rito, ang mga batang edad 6 na buwan hanggang sa mas mababa sa 5 taon na may mga kondisyon sa kalusugan na nagpapataas sa panganib ng malubhang COVID-19, kabilang ang maraming bata na may kanser, ay nababagay rin para sa pagbabakuna laban sa COVID-19.

Ang mga bakunang laban sa COVID-19 ay makukuha nang libre, kabilang ang mga tao na walang Medicare card, mga turistang galing sa ibang bansa, mga mag-aaral na galing sa ibang bansa, mga manggagawang migrante, at mga naghahanap ng asilo.

Para sa mga taong wala pang 60 na taong gulang, ang mga bakunang Pfizer, Moderna o Novavax ay inirerekomenda. Datapwa't ang mga taong may edad 18-59 na taon ay maaaring magpabakuna ng AstraZeneca kung sila ay may kaalamang- nagdesisyon na batay sa pagkakaunawa sa mga panganib at benepisyo.

Ang pagbibigay-prioridad ng mga bakunang Pfizer, Moderna o Novavax para sa mga tao na wala pang 60 taong gulang ay base sa isang posibleng mas malaking panganib ng isang hindi karaniwang ngunit seryosong side effect na kinasasangkutan ng pamumuo ng dugo na may mababang bilang ng platelet matapos mabakunahan ng AstraZeneca sa mga tao na wala pang 60 taong gulang.

Ang mga taong nagkaroon na ng unang dosis ng bakunang AstraZeneca na walang malubhang masamang epekto ay maaaring mabigyan ng pangalawang dosis, kabilang ang mga matatanda na wala pang 60 taong gulang.

Ang mga bakunang Pfizer o Moderna ay ang mga inirerekomenda rin na bakuna laban sa COVID-19 para sa mga buntis na babae.

Para sa mga tao na may edad 60 taon at pataas, ang mga benepisyo sa pagtang-gap ng isang bakunang laban sa COVID-19 ay mas malaki kaysa sa mga mas batang tao. Ang panganib ng malubhang impeksyon ng COVID-19 ay tumataas sa edad at partikular na mataas sa mga matatandang hindi nabakunahan. Ang benepisyo

ng pagbabakuna gamit ang AstraZeneca sa pagpigil sa COVID-19 ay mas malaki kaysa sa panganib ng pamumuo ng dugo na nagaganap sa pangkat ng edad na ito.

Ang mga pagbabakuna ay ginagawa sa pamamagitan ng Commonwealth Vaccine Clinics, mga bakunahan ng estado at teritoryo, mga lokal na pagamutan (GP), mga parmasya sa komunidad at Aboriginal Controlled Community Health Services.

Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa pagkakaroon ng bakuna at mga lokasyon, mangyaring bumisita sa mga sumusunod na impormasyon:

- [COVID-19 vaccine Clinic Finder](#)
- [Where you can get vaccinated](#) (Kung saan ka maaaring mabakunahan)
- [COVID-19 vaccine information in your language](#) (impormasyon tungkol sa bakuna laban sa COVID-19 sa inyong wika)
- [State and Territory Health Department websites](#)

Pagkuha sa mga bakunang laban sa COVID-19

Bakit ba mahalaga sa mga tao na may kanser at sa kanilang mga tagapag-alaga na makakuha ng bakuna?

Ang mga taong nadiagnose na may kanser at sumasailalim sa mga pagpapagamot sa kanser ay maaaring mayroong mas mahinang naturalesa. Ang mga taong nakompromiso ang naturalesa bilang isang side effect ng pagpapagamot sa kanser, o mula sa kanser mismo, ay maaaring nasa mas mataas na panganib ng pagkakahawa sa COVID-19 at mas mataas na panganib ng mas maraming malubhang impeksyon.

Pinoprotektahan ka ng pagbabakuna mula sa pagkakaroon ng malubhang karamdaman at sa pangangailangang ma-ospital na isang resulta ng pagkakaroon ng COVID-19.

Iyong mga naninirahan sa parehong sambahayan ng isang tao na may kanser, pati na rin ang mga tagapag-alaga o iba pang mga malapit na nakikipag-ugnay sa isang tao na may kanser ay dapat ring mabakunahan.

Mga Palaging Itinatanong

tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19 para sa mga taong apektado ng kanser



Sino ang magbabakuna ng panlaban sa COVID-19 sa mga taong may kanser?

Ang mga kwalipikado na propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan ang maaaring magbakuna laban sa COVID-19. Ganoon din, lahat ng mga propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan na nagbabakuna laban sa COVID-19 ay kailangang makakumpleto ng sapolitang pagsasanay sa pagbabakuna laban sa COVID-19 na kasama ang pangangasiwa at pagbabakuna laban sa COVID-19.

Sa mga taong apektado ng kanser, ang mga pagdedesisyon kung sino ang mababakunahan laban sa COVID-19 ay maaaring gawin depende sa indibidwal na apektado ng kanser, sa pakikipagkonsultahan sa kanilang pangkat ng tagapag-alaga ng kalusugan.

Ilang dosis ng bakuna laban sa COVID-19 ang dapat makuha ng mga taong may kanser (kasama ang mga dosis ng booster)?

Karamihan sa mga taong may edad na 5 taon o mas matanda sa Australya ay inirerekomenda na magkaroon ng:

- **2 “panimulang” dosis** ng mga bakuna laban sa COVID-19 na makukuha sa Australya.
- **Ang booster dose** ng bakuna laban sa COVID-19 ay makukuha rin ng lahat sa Australya mula sa edad 16 taon o mas matanda, na ibinibigay tatlong buwan pagkatapos nilang makumpleto ang kanilang panimulang kurso ng isang bakuna laban sa COVID-19.
- **Ang ika-2 booster dose, na kinikilala bilang “winter booster dose”** (“dosis na booster sa taglamig”) na ibinibigay tatlong buwan pagkalipas ng ika-1 booster (**4 na dosis sa kabuuan**) ay inirerekomenda para sa:
 - lahat ng tao sa Australya na edad 50 taon o mas matanda
 - mga taong edad 30 hanggang 49 taong gulang ay maaari ring makakuha ng isang pang-4 na dosis kung pipiliin nila
 - mga taong edad 16 taon o mas matanda na may partikular na kondisyong medikal kabilang ang kanser sa loob ng nakarang 5 taon.

Para sa karagdagang impormasyon, magpunta sa payo ng [ATAGI sa booster na bakuna laban sa COVID-19](https://www.atagi.gov.au)

Iskedyul ng pagbabakuna para sa mga taong matindi ang pagka-immunocompromised

- **Para sa mga taong matindi ang pagka-immunocompromised*** kabilang ang maraming mga pasyenteng may kanser, inirerekomenda ng ATAGI na ang:
 - **mga batang edad na nasa pagitan ng 6 buwan at 5 taong gulang** ay makatanggap ng dalawang panimulang dosis ng bakuna
 - **mga batang edad na 5 hanggang 11 taong gulang** ay makatanggap ng tatlong panimulang dosis ng bakuna laban sa COVID-19
 - **mga kabataan na edad 12 hanggang 15 taong gulang** ay makatanggap ng tatlong panimulang dosis ng bakuna, gayun din ang isang dosis ng booster na ibinibigay tatlong buwan pagkalipas ng huling panimulang dosis (apat na dosis sa kabuuan)
 - **ang mga taong edad 16 at mas matanda** ay makatanggap ng tatlong panimulang dosis, gayun din ang dalawang dosis ng booster na ibinibigay tatlong buwan ang pagitan (limang dosis sa kabuuan). Ang panglimang dosis ay kilala bilang “winter booster dose” (dosis na booster sa taglamig).
- Itong mga karagdagang dosis ay inaasahang magpapahusay sa proteksyon laban sa symptomatic (nagpapakilala) na impeksyon at malubhang karamdaman mula sa COVID-19.

* *Itong mga rekomendasyon ay nararapat sa mga taong may partikular na mga kondisyon, kabilang ang kanser, o mga nagpapagamot, na nahahantong sa matinding pagka-immunocompromise. Kabilang dito ang mga sumusunod:*

- Mga taong may aktibong kanser sa dugo (haematological)
- Mga taong may non-haematological na kanser na kasalukuyang nagpapa-chemotherapy, buong katawan na radiotherapy
- Nagkakaroon ng isang stem cell transplant o chimeric antigen receptor T-cell (CAR-T) therapy
- Mga taong may mga immunosuppressive treatment.

Mga Palaging Itinatanong

tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19 para sa mga taong apektado ng kanser



Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang:

- [payo ng ATAGI sa booster na bakuna laban sa COVID-19](#)
- [mga klinikal na rekomendasyon ng ATAGI para sa mga bakuna laban sa COVID-19](#)
- [mga rekomendasyon ng ATAGI tungkol sa paggamit ng bakuna laban sa COVID-19 para sa mga batang edad 6 buwan hanggang <5 taon](#)
- [ATAGI pagbabakuna laban sa COVID-19 – Nakabahaging gabay ng pagpapasiya para sa mga taong may immunocompromise](#)
- [Mga inirekomendang dosis at bakuna laban sa COVID-19 ng ATAGI](#)

Bakit mahalaga na ang mga taong may kanser ay magkaroon ng buong kurso ng bakuna?

Mahalaga para sa lahat na makuha ang inirekomendang dosis ng bakunang laban sa COVID-19 na inialok sa kanila. Ito ay partikular na mahalaga sa mga taong may kanser.

Napag-alaman ng mga pag-aaral na ang mga pasyenteng may kanser ay may mababang lebel ng proteksyon laban sa COVID-19 pagkatapos ng unang dosis ng bakunang Pfizer, kumpara sa mga taong walang kanser. Ngunit, kung ang mga pasyenteng may kanser ay nakatanggap na ng kanilang ikalawang dosis pagkatapos ng 3 linggong pagitan mula sa unang dosis, ang kanilang proteksyon laban sa COVID-19 ay magiging lalong mabisa.

Kung ang mga taong may mababang proteksyon laban sa COVID-19 ay makakontak ng mikrobyo, sila ay madaling mahawaan ng COVID-19 at peligrong magpakalat din ng mikrobyo sa kanilang mga makakasalmuha, katulad ng kapamilya at mga tagapag-alaga.

Kahit na nabakunahan na, mahalaga pa rin sa mga taong apektado ng kanser at ang mga malapit na kasa-kasama, na ipagpatuloy ang ibang pamaraan sa pangproteksyon laban sa COVID-19. Kasama rito ang pagkakaroon ng magandang pag-uugali sa kalinisan (katulad ng paghuhugas ng mga kamay), pagsusuot ng maskara, at pagpapanatili ng agwatan sa ibang tao.

Kaligtasan at pagkamabisa

Kasali ba ang mga taong may kanser sa mga pagsusubok sa klinika ng mga bakuna laban sa COVID-19?

Ang mga taong may kanser ay hindi nakasali sa mga naunang pagsubok sa klinika ng mga bakuna laban sa COVID-19. Ito ay dahil ang mga pagsubok sa klinika ay kadalasang ginagawa para malaman kung ang mga bakuna ay mabisa sa mga taong may malulusog na naturalesang pangkaligtasan sa sakit. Gayunpaman, kinukolekta ang mga datos mula sa mga pag-aaral at programa sa pagbabakuna sa Australya at buong mundo ang tungkol sa kaligtasan at bisa ng mga bakuna laban sa COVID-19 ng mga taong apektado ng kanser. Sinusubaybayan ng Cancer Australia ang datos na ito at regular na binabago itong mga FAQs habang lumalabas ang mga bagong impormasyon at ebidensya.

Ligtas ba sa mga taong may kanser o mga tao na may mahinang naturalesang pangkaligtasan sa sakit na magpabakuna laban sa COVID-19?

Ang mga samahan sa kanser ng nagrekomenda ng pagbabakuna laban sa COVID-19 sa mga taong may kanser at mga may mahinang naturalesa laban sa sakit. Ito ay dahil:

- Ang mga taong may kanser ay mas delikadong mahawaan ng COVID-19 at magkakaroon ng mas malalang impeksyon.
- Ang mga ebidensya mula sa paggamit ng ibang mga bakuna ay nagpapahiwatig na ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay maaaring ligtas at mabisa para sa mga taong may kanser.

Dahil ang mga taong may kanser ay hindi isinali sa mga naunang pagsusuri sa klinika, limitado lamang ang katibayan tungkol sa kung ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay ligtas sa mga taong may kanser, o mga tao na may mahinang naturalesa ng kaligtasan sa sakit ay pinahina ng kanser o sa mga paggamot ng kanser. Gayunpaman, walang batay sa haka-haka na karagdagang pag-aalalang pangkaligtasan para sa mga bakuna laban sa COVID-19* para sa mga taong may huminang panangga sa sakit, batay sa pangkalahatang pang-uunawa sa mga bakuna. Ang impormasyon ay kinokolekta sa buong bansa at sa buong mundo, at sa

Mga Palaging Itinatanong

tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19 para sa mga taong apektado ng kanser



ngayon ay wala pang ulat ng malalang problema sa kaligtasan ng mga taong may kanser na nababakunahan laban sa COVID-19. Ipagpapatuloy nila na ang pagmamamanman nito.

Ang Australian Technical Advisory Group on Immunisation (ATAGI) ay nagrerekomenda sa mga taong 'immunocompromised' (mga may mahinang naturalesa laban sa sakit) na dapat magpabakuna.

Ang pagpapasya tungkol sa pagkakabakuna laban sa COVID-19 ay dapat gagawin batay sa indibidwal na apektado ng kanser, sa pakikipagsanggunian ng kanilang pangkat ng mga manggagamot.

* *Patungkol sa mga pag-aalala sa kaligtasan ng bakunang AstraZeneca: inirerekomenda ng ATAGI na ang ilang mga tao ay hindi mabakunahan ng AstraZeneca. Kabilang dito ang:*

- Mga taong nagkaroon na ng isang reaksiyong alerdyi sa isang nakaraang dosis o sa anumang sangkap ng bakunang AstraZeneca
- Mga taong may kasaysayan ng capillary leak syndrome
- Mga taong nagkaroon na ng pamumuo ng dugo na may mababang bilang ng blood platelet (thrombosis with thrombocytopenia (TTS)) o anumang ibang mga seryosong side effect pagkatapos ng isang nakaraang dosis ng bakunang AstraZeneca
- Mga taong may kasaysayan ng anumang mga sumusunod na partikular na kondisyon sa dugo:
 - cerebral venous sinus thrombosis (CVST)
 - heparin-induced thrombocytopenia (HIT)
 - idiopathic splanchnic (mesenteric, portal and splenic) venous thrombosis
 - anti-phospholipid syndrome with thrombosis.

Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ba ay gagana sa mga taong apektado ng kanser (sila ba ay mabisa)?

Ang lumilitaw na ebidensya mula sa mga internasyunal na pag-aaral ay nagmumungkahi na ang mga bakunang laban sa COVID-19 ay may magkatulad na bisa at kaligtasan sa mga taong may kanser kumpara sa mga taong walang kanser.

Kahit na may limitadong ebidensya sa kasalukuyan kung ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay gagana ng kasing-husay sa mga taong apektado ng kanser, marami tayong **mga katulad** na ebidensya mula sa paggamit ng mga bakuna na nagpapahiwatig na ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay maaaring mabisa sa mga taong apektado ng kanser:

- Ang ebidensya mula sa pagbabakuna laban sa trangkaso ay nagpapahiwatig na ang mga taong apektado ng kanser ay maaaring may proteksyon laban sa sakit dahil sa mga bakuna laban sa COVID-19 (na kung ang kanilang naturalesang pangkaligtasan sa sakit ay nasanay na upang makilala at labanan ang mga partikular na mikrobyo).

Ngunit, ang bakuna ay maaaring hindi kasing-mabisa sa mga taong mahina ang mga naturalesa, at ang lebel ng panangga sa sakit ay maaaring apektado ng mga ibat-ibang kadahilanan (katulad ang uri ng kanser at paggagamot katulad ng chemotherapy). Ito ang dahilan kung bakit ang ika-3 na pangunahing dosis at ika-2 booster na dosis ay inirerekomenda sa mga taong malubhang immunocompromised.

Mayroon bang anumang mga pagpapagamot para sa mga taong apektado ng kanser na dapat kunin upang mapigilan ang matinding impeksyon ng COVID-19?

Kung nasuri kang positibo sa COVID-19, mahalagang ipagbigay-alam sa iyong pangkat ng mga manggagamot sa lalong madaling panahon, dahil mayroong mga paggamot para sa COVID-19. Ang mga antiviral na paggamot na ito ay pinakamahusay na gumagana kapag ang mga ito ay ibinibigay sa loob ng 5 araw pagkatapos magsimula ang mga sintomas.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga antiviral na paggamot laban sa COVID-19, bisitahin ang: [Binagong kwalipikasyon para sa mga iniinom na gamot laban sa COVID-19 \(oral COVID-19 treatments\)](#).

Mayroon ding gamot para sa pagpigil ng COVID-19 sa mga taong nanganganib sa impeksyon ng COVID-19 at matinding pagka-immunocompromised. Kilala ito bilang pre-exposure prevention of COVID-19 (pag-iwas sa pagkakalantad sa COVID-19).

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pre-exposure prevention of COVID-19 (pag-iwas sa pagkakalantad sa COVID-19), bisitahin ang:

- [Mga pagpapagamot ng Pamahalan ng Australya laban sa COVID-19](#)
- [Binagong kwalipikasyon para sa mga iniinom na gamot laban sa COVID-19 \(COVID-19 oral treatments\)](#)
- [Making decisions about your treatment and care if you have COVID-19](#)

Mga Palaging Itinatanong

tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19 para sa mga taong apektado ng kanser



Mga panganib at side effect

Kung mayroon akong mga alerdyi, maaari ko bang maiwasan ang magpabakuna laban sa COVID-19?

Ang mga taong may mga reaksiyon sa alerdyi sa anumang mga sangkap ng mga bakuna laban sa COVID-19 ay dapat iwasan ang mga natatanging bakuna laban sa COVID-19 na may mga sangkap na kagaya. Kausapin ang inyong pangkat na nangangalaga sa kalusugan kung may naranasan kang reaksiyon sa alerdyi sa anumang gamot (pati ang chemotherapy) sa nakaraan.

Ang mga alerdyi na may natatanging kaugnayan sa mga taong apektado ng kanser ay ang mga alerdyi sa polysorbate 80, na nasa bakuna ng AstraZeneca, at ang polyethylene glycol (PEG) na nasa bakuna ng Pfizer. Itong mga sangkap ay ginagamit din na mga sangkap ng mga gamot sa kanser, katulad ng mga gamot sa chemotherapy, docetaxel at paclitaxel. Kung mayroon kayong mga reaksiyon sa alerdyi mula sa polysorbate 80 o PEG, kausapin ang iyong propesyonal sa kalusugan o humingi ng ekspertong payo tungkol sa pagpapabakuna sa COVID-19 bago mabakunahan.

Ang mga sangkap sa bawat bakuna laban sa COVID-19 ay makikita sa seksyon ng 'Product details' sa kanilang pulyetos 'Consumer Medicines Information', na makukuha sa website ng TGA:

- [Pfizer \[Comirnaty\] Consumer Medicines Information leaflet](#)
- [AstraZeneca \[Vaxzevria\] Consumer Medicines Information leaflet](#)
- [Moderna \[Spikevax\] Consumer Medicines Information leaflet](#)
- [Novavax \[Nuvaxovid\] Consumer Medicines Information leaflet](#)

Ano ang mga masamang epekto ng mga bakuna laban sa COVID-19 sa mga taong apektado ng kanser?

Sa kasalukuyan, walang katibayan na nagsasabi na ang mga taong apektado ng kanser ay makakaranas ng naiiba o mas masamang mga pangalawang epekto ng mga bakuna laban sa COVID-19.

Sa pangkalahatan, ang kadalasang mga pangalawang epekto ng mga bakuna laban sa COVID-19 ay kapareho ng ibang mga bakuna, kabilang na ang:

- Kiro, pamumula at/o pamamaga sa lugar na pinagtusukan ng karayom
- Kiro sa kalamnan
- Kunting lagnat
- Sakit ng ulo
- Kapaguran.

Itong mga pangalawang epekto ay kadalasang mariin at nawawala sa loob ng isa o dalawang araw.

Dahil sa isang bihira ngunit seryusong masamang epekto na pamumuo ng dugo at mababang bilang ng platelet sa dugo pagkatapos mabakunahan ng AstraZeneca, ang mga bakunang Pfizer, Moderna o Novavax ay mas pinipili ng mga may edad na wala pang 60 taong gulang. Ang rekomendasyon ay dahil sa lumalaking pagkadelikado sa kalusugan at pagkamatay dahil sa COVID-19 ng mga mas matatanda (kaya may malaking benepisyong pagkakabakuna) at maaring mas malaki pang panganib ng pamumuo ng dugo na mababang bilang ng platelet pagkatapos mabakunahan ng AstraZeneca ang mga taong may edad na wala pang 60 taon. Ngunit, ang mga taong may edad 18-59 na taon ay maaaring piliin ang bakunang AstraZeneca kung ang tao ay gumawa ng may-kaalamang desisyon na base sa pagkakaunawa sa mga panganib at benepisyong.

Ang mga tao na nabakunahan ng unang dosis ng AstraZeneca na walang seryusong reaksiyon ay maaaring magpabakuna ng ikalawang dosis, pati ang mga may edad na wala pang 60 taon.

Ang mga bakunang Pfizer o Moderna laban sa COVID-19 ay inirerekomenda rin para sa mga buntis.

Ang Therapeutic Goods Administration (TGA) ay nagmamanman sa kasalukuyang kaligtasan ng mga bakuna laban sa COVID-19, at itong webpage ay magbabago habang dumarating ang bagong impormasyon.

Ano ang aking gagawin kapag nagkaroon ako ng isang masamang epekto pagkatapos mabakunahan laban sa COVID-19?

Napakabihira na magkakaroon ng mga malalang reaksiyon mula sa mga bakuna laban sa COVID-19.

Ang lahat ng tao na nabakunahan laban sa COVID-19 ay dapat maghintay ng di kukulangin sa 15 minuto bago umalis sa klinika ng pangbakunahan baka magkaroon ng malalang reaksiyon. Kung kayo ay may naranasan na malalang mga alerdyi sa anumang bagay, maghintay ng 30 minuto bago umalis.

Mga Palaging Itinatanong

tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19 para sa mga taong apektado ng kanser



Kung nakaranas ka ng isang masamang epekto pagkatapos kang mabakunahan, dapat kang tumawag sa miyembro ng iyong pangkat na nangangalaga sa kalusugan, o tumawag sa National Coronavirus Helpline sa **1800 020 080**, nakabukas 24 oras kada araw. Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, tumawag sa Translating and Interpreting Service (TIS National) sa 131 450.

Ang mga masamang epekto (side effects) ay dapat maiulat sa Therapeutic Goods Administration (TGA). Ito ay makakatulong sa TGA na mamamanmanan ang patuloy na kaligtasan sa bakuna, at kung may mga pagkadelikado sa kaligtasan na malalaman, ang TGA ay kaagad makapagsabi sa mga tagapagbigay sa komunidad at kalusugan sa madaling panahon. Ang mga masamang epekto ay maaari mong iulat sa TGA o sa isang propesyonal sa pangkalusugan sa paggamit ng isang porma sa online, sa email, o sa telepono.

Para sa dagdag na impormasyon, bumisita sa [Report a problem or side effect](#) sa website ng TGA.

Mayroon bang mga maaaring peligro sa mga tao na mayroon, o may peligro sa lymphotoedema (pamamaga)?

Ang lymphotoedema ay pamamaga ng isang bahagi ng katawan. Maaari itong masamang epekto ng pagpapagamot sa kanser. Sa loob ng mga bahagi ng katawan na may epekto ng lymphotoedema, ang mga selyulang lumalaban sa impeksyon ay maaaring hindi gagana ng mabuti. Kaya ang pagkakabakuna sa mga lugar na ito ay maaaring magresulta ng isang mas mahinang naturalesang pangkaligtasan sa sakit at mas mahinang proteksyon laban sa COVID-19. Ang pagkasira sa balat na may lymphotoedema ay maaaring maging daanan ng impeksyon, kaya ipinapayo ang mariing pangangalaga at pagpoproteksyon ng balat sa mga lugar ng pamamaga. Bilang pag-iingat, ang bakuna laban sa COVID-19 ay dapat iniiniksyon sa hindi ginagamot na mga paa't kamay kung maaari.

Mayroon bang potensyal na mga peligro tungkol sa mga taong may problema sa pagdurugo at mga nabibigyan ng pampalabnaw ng dugo?

Ang mga taong may mga problema sa pagdurugo, mga nabibigyan ng gamot pampalabnaw ng dugo at mga may mababang bilang ng platelet ay maaaring may mataas ang pagkapeligro sa pagdurugo o pagkakaroon ng pasa sa lugar ng pinagturukan ng bakuna laban sa COVID-19, na maaaring makirok para sa tao. Kausapin ang iyong propesyonal sa pangkalusugan kung may pag-aalala ka sa mga gamot mo bago mapabakunahan.

Mga epekto at pakikiugnay

Ang mga bakuna ba laban sa COVID-19 ay makakaapekto o makikipag-ugnay sa aking mga paggagamot sa kanser?

Sa kasalukuyan, may mga limitadong impormasyon tungkol sa mga pagsubok sa klinika ng mga pagbabakuna laban sa COVID-19 upang malaman kung ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay nakakaapekto or nagsasalimuha sa mga pagkakagamot sa kanser. Ito ay dahil ang karamihan sa mga naunang pagsubok sa klinika sa mga bakuna laban sa COVID-19 ay hindi isinali ang mga taong may kanser.

Ang mga rekomendasyon ay paiba-iba at may mga ilang mapagpipilian ang bawat tao, kabilang dito ang:

- Ang uri ng iyong kanser
- Ang uri ng paggagamot/pagkakagamot sa iyo
- Ang tiyempo ng pagkakagamot na tinatanggap/natanggap
- Ang mga uri ng bakuna na magagamit
- Paano gumagana ang iyong naturalesang pangkaligtasan sa sakit.

Maraming maaaring peligro na may kaugnayan sa mga masamang epekto (side effects) sa pagkakabakuna laban sa COVID-19 ng mga taong tumatanggap ng immunotherapy, kabilang ang mga checkpoint inhibitors na pembrolizumab, nivolumab at ipilimumab. Gayunpaman, ang ebidensya ng mga pag-aaral sa pagbabakuna laban sa COVID-19 sa mga taong tumatanggap ng immunotherapy ay sumusuporta sa kaligtasan ng pagbabakuna laban sa COVID-19 ng mga pasyenteng tumatanggap ng immunotherapy. Ito ay sinusuportahan ng napakaraming mga pambansa at pandaigdigang organisasyon sa kanser na nagrekomenda ng pagbabakuna ng mga pasyente na tumatanggap ng immunotherapy.

Ang pinakamahusay na pagtanggap sa mga bakuna ay maaaring pagkatapos ng mahigit 3-6 buwan pagkatapos ng paglilipat ng stem cell o CAR-T therapy.

Kung nagpapagamot ka sa kanser, kausapin ang inyong pangkat ng nangangalaga sa kalusugan tungkol sa pinakamahusay na tiyempo ng pagbabakuna ayon sa iyong sitwasyon.

Mga Palaging Itinatanong

tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19 para sa mga taong apektado ng kanser



Ang bakuna ba laban sa COVID-19 ay nakakaapekto sa mga pagsusuri sa suso (pag-X-ray sa suso)?

May mga ulat na pandaigdigang tungkol sa mga taong nabakunahan laban sa COVID-19 na nagkaroon ng pamamaga sa lymph node. Maaari itong pagkamalan na kanser sa suso. Ang pamamagang ito ay nangyayari sa lugar ng kili-kili at kilala bilang 'lymphadenopathy'. Ito ay isang naturalesang pangkaligtasan sa sakit na nagreresponde sa isang impeksyon o sa bakuna. Ngunit dahil ang pamamaga ay isa ring sintomas ng kanser sa suso, maaari itong magiging isang maling positibo (false positive) na resulta ng pagsusuri sa suso (mammogram). Ang x-ray ng suso ay maaaring parang di-normal kahit wala talagang kanser.

Ang Royal Australian at New Zealand College of Radiologists (RANZCR) ay hindi nagrerekomenda ng pagpapaantala sa pagbabakuna ng COVID-19 o anumang pag-eksreya (imaging) ng suso. Ngunit ang mga babaing magkakaroon ng pagsusuri (mammogram) sa suso ay kailangang sabihin sa kanilang manggagamot kung sila ay kababakuna lamang.

Maaari ba na ang taong may kanser ay magpapabakuna laban sa COVID-19 sa mismong araw ng pagkakabakuna ng laban sa influenza (trangkaso)?

Ang taunang pagpapabakuna laban sa trangkaso ay mahalaga sa pagkaprotekta laban sa trangkaso.

Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay maaaring ibigay kasama ng bakunang laban sa trangkaso (ibig sabihin, ang dalawang bakuna ay maaaring ibigay sa magkaparehong araw).

Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay maaaring ring ibigay kasama ng ibang mga bakuna, kung kinakailangan, bagaman mayroong limitadong ebidensya sa paggamit ng bakuna laban sa COVID-19 vaccines na kasabay ng iba pang mga bakuna. Maaaring may dagdag na banayad hanggang katamtaman na mga side effect kapag higit sa isang bakuna ay ibinigay sa parehong pahahon.

Pangangalap ng impormasyon tungkol sa paggamit ng mga bakuna laban sa COVID-19 sa mga taong apektado ng kanser

Mayroon bang datos na kinakalap tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19 para sa mga taong apektado ng kanser?

Ang mga datos tungkol sa paggamit ng mga bakuna laban sa COVID-19 ay makakatulong sa atin na mas maiintindihan ang kaligtasan at pagkamabisa ng mga bakuna laban sa COVID-19 para sa mga taong apektado ng kanser.

Kaligtasan at bisa: SerOzNET

Tumulong ang Cancer Australia sa pagkakaroon ng isang mahalagang pag-aaral - ang SerOzNET, upang mas mabuting maiintindihan ang kaligtasan at pagkabisa ng mga bakuna laban sa COVID-19 para sa mga taong may kanser. Ang pag-aaral na ito ay upang magkaroon ng impormasyon na maibibigay sa komunidad ng mga may-kanser sa Australya tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pag-aaral na SerOzNET, bisitahin ang www.canceraustralia.gov.au/SerOzNET-Study

Mga side effect: AusVaxSafety

Ang AusVaxSafety ay aktibong sumasubaybay sa panandaliang side effect profile ng mga bakunang laban sa COVID-19 na ginagamit sa Australya sa pamamagitan ng mga safety survey na ipinapadala pagkatapos ng pagbabakuna sa mga nakatanggap ng bakuna, kabilang ang mga taong may kanser. Ang AusVaxSafety ay bumuo ng mga information sheet (papel-kaalaman) na nagbabalangkas sa larawan ng mga panandaliang side effect para sa bawat grupo ng populasyon na may kanser, pati ang isang paghahambing sa pangkalahatang populasyon. Upang matingnan ang mga information sheet, bisitahin ang www.ausvaxsafety.org.au/covid-19-vaccines/people-affected-cancer-and-transplant-recipients

Minamanmanan din ng Cancer Australia ang mga datos mula sa mga programa ng pagbabakuna sa buong mundo at patuloy na magbibigay ng karagdagang impormasyon.



Mga Palaging Itinatanong

tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19 para sa mga taong apektado ng kanser



Para sa dadag na impormasyon, mangyari pong bumisita sa:

- Ang Kagawaran ng Kalusugan ng Pamahalaang Australia (Australian Government Department of Health) na [COVID-19 vaccine information in your language](#)
- SBS [Coronavirus Vaccine and COVID-19 updates in your language](#)